7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 7**
**Kuwarter 4: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakda ng saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Jinky R. Victorio (Malabon National High School)

**Tagasuri:**
- Portia R. Soriano (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 4 /BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mga hamon at pagkakamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silangang Asya |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong sa pagpapahalaga sa papel ng ASEAN tungo sa pagkakaisa at pagharap sa hamon ng likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao sa Timog Silangang Asya |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | LC: Natatalakay ang layunin, kasaysayan, estruktura, at ilang tagumpay ng ASEAN<br><br>Mga Kasanayan<br>1. Naiisa- isa ang mga tagumpay ng ASEAN sa pagkamit ng kaunlaran at kapayapaan sa rehiyon.<br>2. Nauunawaan ang pamamaraan ng (a) Declaration on the Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN) (b) Declaration of ASEAN Concord, (c) ASEAN Free Trade Area (AFTA) at ASEAN Economic Community (AEC), (d) Southeast Asian Nuclear-Weapon-Free Zone Treaty (SEANWFZ), (3) ASEAN Vision 2020 sa pagkakamit ng kaunlaran at kapayapaan sa ASEAN.<br>3. Napahahalagahan ang mga pagsisikap ng ASEAN sa pagkakamit ng kaunlaran at kapayapaan ng mga bansang kasapi nito. |
| **D. Nilalaman** | Mga Tagumpay ng ASEAN sa pagkamit ng Kaunlaran at Kapayapaan sa Rehiyon<br>a. Declaration on the Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN)<br>b. Declaration of ASEAN Concord<br>c. ASEAN Free Trade Area (AFTA) at ASEAN Economic Community (AEC)<br>d. Southeast Asian Nuclear-Weapon-Free Zone Treaty (SEANWFZ), (3) ASEAN Vision 2020 |
| **E. Integrasyon** | Sustainable Development Goals (SDG 16 – Promote peaceful and inclusive societies for sustainable development, provide access to justice for all and build effective, accountable, and inclusive institutions at all levels) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| *asean-infographics-01* -. (2017, January 6). Manila Today. https://manilatoday.net/mga-dapat-malaman-tungkol-sa-asean-eas/asean-infographics-01/<br><br>*EXCLUSIVE: Mga tagumpay na nakamit ng #ASEAN - video Dailymotion*. (2017, November 12). Dailymotion. https://www.dailymotion.com/video/x68v32f |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-Aral**<br><br>**A. Gawain: Infographics**<br>**Panuto:** Tunghayan ang Infographics na nasa ibaba<br><br><br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano ang ASEAN?<br>2. Anu- ano ang mga layunin ng pagkakatatag ng ASEAN? | Maikling pagbabalik- aral sa nakaraang aralin tungkol sa pagkakatatag ng ASEAN sa pamamagitan ng Infographics.<br><br>Maaaring gumamit ng ibang lay- out ng watawat ang guro sa pagpipresenta ng gawaing ito. |

| | | |
|---|---|---|
| | **B. Gawain: What- tawat?**<br>**Panuto:** Kilalanin ang mga watawat ng mga bansang kasapi ng ASEAN.<br><br><br>Mula sa:<br>https://www.facebook.com/AseanFood0123/photos/a.1588973808018167/2583141648601373/?paipv=0&eav=AfZZk<br>**C. Gawain: Alin- Alin ang Nauna? Isulat sa Concept Map Organizer**<br>**Panuto:** Mula sa mga nakilalang watawat ng mga bansang kasapi ng ASEAN, alin sa mga ito ang pangunahing bansa na nagtatag ng ASEAN? Isulat ang pangalan ng bansa sa bilog na nasa ibaba. Sa mga "strand" naman ay isulat ang kapital ng mga ito.<br><br> | Hindi lamang Concept Map ang maaaring gamitin sa bahaging ito. Pumunta sa Insert, click SmartArt at pumili ng graphic organizer mula sa mga ito. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain: Balitaan: Panonood ng Video ng balita tungkol sa tagumpay ng ASEAN**<br><br><br>Makatutulong ang paglalahad ng balita para sa mga isyung napapanahon. Natutunghayan sa link na ito ang balita/video tungkol sa mga tagumpay ng ASEAN nga mga bansang kasapi nito<br><br>https://www.dailymotion.com/vid eo/x5w5lmn<br><br>Mga Pamprosesong Tanong<br>Matapos mapanood ang balita na nasa video, itatanong ng guro ang sumusunod na katanungan:<br>1. Anu- anong mga tagumpay ng ASEAN na binanggit ni Lê Lương Minh sa panahon bago matapos ang kaniyang panunungkulan bilang Secretary General | Maaaring makapagdagdag ng kaalaman ang panonood ng balita/video tungkol sa mga tagumpay ng ASEAN at ng mga bansang kasapi nito. |

| | | |
|---|---|---|
| | ng ASEAN?<br>2. Paano itong nakatulong sa pag- unlad ng mga bansang kasapi ng ASEAN? Bilang kasapi ng ASEAN, anong pagbabago ang maaaring maidulot nito sa Pilipinas?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman sa Aralin**<br>**Panuto:** Mababasa sa tsart ang mga pamamaraang isinagawa ng ASEAN na nagdulot ng tagumpay sa organisasyon. Upang higit itong maunawaan, ilahad sa tsart ang layunin ng pagtatatag nito. | |

| Pamamaraan/Organisasyon/Programa | Layunin |
|---|---|
| Declaration on the Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN) | Maging rehiyon ng kapayapaan, kalayaan ang Timog Silangang Asya at malayo sa anumang panganib na dulot ng hindi pagkakaunawaang politikal ng mga bansang kasapi |
| Declaration of ASEAN Concord | Isulong ang kapayapaan, pagsulong at pag- unlad, at ang kabutihan ng mga mamamayan ng mga bansang kasapi ng ASEAN. |
| Southeast Asian Nuclear-Weapon-Free Zone Treaty (SEANWFZ) | Isulong ang Non- Proliferation of Nuclear Weapons (NPT) sa pagpigil sa paglaganap ng mga sandatang nukleyar at sa pag- ambag tungo sa pandaigdigang kapayapaan at seguridad. |
| ASEAN Vision 2020 | Higit na palakasin ang pagsasamang pang- ekonomiya, paliitin ang agwat sa antas ng pag- unlad ng mga bansang kasapi, at tiyakin na ang sistema ng multilateral na kalakalan ay manatiling patas at bukas, habang nagkakamit ng kakayahan sa |

Ipakita ng guro ang magkakaibang layunin ng bawat programang isinagawa ng ASEAN upang magtagumpay sa kanilang mga layunin

Maaaring ilipat ng guro ang tsart sa powerpoint presentation upang maipakita sa mga mag-aaral ang kabuuan ng paghahawan ng bokabularyo.

| | | |
|---|---|---|
| | pandaigdigang kompetisyon. | |
| **C. Paglinang at Paglalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**1. Pagproseso ng Pang-unawa *(lesson proper)***<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Tagumpay ng ASEAN sa pagkamit ng Kaunlaran at Kapayapaan sa Rehiyon.**<br><br>***Differentiated Instructions:***<br>Pangkat 1: Ipakita sa pamamagitan ng isang (awit/rap/tula) ang layunin at nilalaman ng ZOPFAN<br><br>**Ang Declaration on the Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN)**<br><br>Ang Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN) ay isang deklarasyong nilagdaan ng Foreign Ministers ng mga kasaping bansa ng ASEAN (Indonesia, Malaysia, the Philippines, Singapore, and Thailand noong Nobyembre 27, 1971 sa Kuala Lumpur, Malaysia. Layunin nito na ang Timog Silangang Asya ay maging rehiyon ng kapayapaan, kalayaan at malayo sa anumang panganib na dulot ng hindi pagkakaunawaang politikal ng mga bansang kasapi at lalo na ng mga makapangyarihang bansa tulad ng USA, Russia at China. Inaasahan na ang mga kasaping bansa ay walang kakampihan at mananatiling neutral bagamat ang ZOPFAN ay naitatag sa panahon ng Cold War.<br><br>Pangkat 2: Gumawa ng *dance number* na ang mga *steps*/galaw ay nagpapakita ng mga pandiwang ginamit sa teksto sa paglalahad tungkol sa *Declaration of ASEAN Concord*<br>**Declaration of ASEAN Concord**<br><br>Ang Declaration of ASEAN Concord ay ginanap sa Bali, Indonesia noong Pebrero 24, | Sa bahaging ito, maaaring gumawa ng powerpoint presentation ang guro mula sa teksto. Maaaring gamitin ang estratehiyang Pangkatang- Gawain na binubuo ng 4 na pangkat at ang bilang ng mga miyembro ay nakadepende sa interes ng mga mag- aaral sa gawaing ipinagagawa sa bawat pangkat para sa ***differentiated instructions***<br><br>halimbawa ay *Tableau, Song/Rap-writing, Short Script drama, Dance, Poster/Slogan Presentation.* |

| | | |
|---|---|---|
| | 1976 sa pangunguna ng mga pinuno ng mga bansang kasapi ng ASEAN; ang Pangulo ng Indonesia, Punong Ministro ng Malaysia, Pangulo ng Pilipinas, Punong Ministro ng Singapore at Punong Ministro ng Thailand. Kinilala rin dito ang Deklarasyon ng Bandung, Bangkok at Kuala Lumpur, maging ang Kasunduan ng mga Nagkakaisang mga Bansa. Layunin ng deklarasyong ito na isulong ang kapayapaan, pagsulong at pag-unlad, at ang kabutihan ng mga mamamayan ng mga bansang kasapi ng ASEAN.Hayag ang tagumpay at paglawak ng ASEAN sa larangan ng kaisahang pangkabuhayan, panlipunan, kultural, at pangangailangang politikal. Ang mga kasaping bansa ng Timog Silangang Asya ay may sama- samang pagkilos sa pagsusulong ng kapayapaan batay sa magkatuwang na pagsisikap na mapairal ang paggalang at kapakinabangan upang maiwasan ang pagbangon ng mga isyu at hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga bansa. Sa Bali Concord II (2003) pinag- usapan ang pamayanang ASEAN batay sa pag- unlad sa larangan ng pampolitika, pangkaligtasan, pangkabuhayan, at sosyo- kultural.<br><br>Pangkat 3: Ipakita sa pamamagitan ng 5- scenes ng Tableau ang nilalaman ng SEANWFZ. Walang wordings, letters na gagamitin kung aksyon- *freeze- scene*s lamang.<br><br>**Southeast Asian Nuclear-Weapon-Free Zone Treaty (SEANWFZ)**<br><br>Noong Disyembre 15, 1995, nilagdaan ng mga kasaping bansa ng ASEAN ang Kasundun na tinawag na Southeast Asia Nuclear Weapon- Free Zone (SEANWFZ Treaty) bilang pangako na pangalagaan ang rehiyon ng Timog Silangang Asya bilang isang rehiyon na walang nukleyar at iba pang mga sandata na maaaring magdulot ng malawakang pinsala. Ang tratadong ito ay kilala rin bilang Kasunduan sa Bangkok. Sa pamamagitan ng kasunduang ito, muling pinagtibay ng ASEAN ang kahalagahan ng kasunduan na Non- Proliferation of Nuclear Weapons (NPT) sa pagpigil sa paglaganap ng mga sandatang nukleyar at sa pag- ambag tungo sa pandaigdigang kapayapaan at seguridad. Ito rin ay tanda ng pagtatatag ng isang Nuclear Weapon-Free Zone (NWFZ) sa Timog Silangang Asya bilang isa sa limang NWFZ sa mundo. Ang apat pang bansa na may NWFZ ay nasa Latin America at Caribbean, South Pacific, Africa, at Central Asia. Malugod na tinatanggap ang mga pamamaraan ng SEANWFZ | |

| | | |
|---|---|---|
| | Treaty sa pamamagitan ng paglagda at maagang pagratipika ng mga bansa sa Nuclear Weapon States (NWS), na mag- aambag sa pagsulong ng pagsasakatuparan ng isang sonang walang armas nukleyar sa Timog Silangang Asya. Ang mga pagsisikap ay isinasagawa patungo sa pagsali ng NWS sa protocol.<br>*Pangkat 4:* Gumuhit ng isang *Poster/Picture Analysis Output* na isho- *show and Tell* sa klase tungkol sa nilalaman ng *ASEAN Vision 2020.*<br><br>**ASEAN Vision 2020**<br><br>Sa taong 2020, ang ASEAN ay inaasahang makapagtatag ng mapayapa at matatag na Timog Silangang Asya kung saan ang bawat bansa ay mapayapa at malayo sa anumang dahilan ng hidwaan sa pamamagitan ng nananatiling paggalang sa katarungan at paghahari ng batas at sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pambansa at rehiyonal na katatagan. Hangarin ng ASEAN 2020 na higit na palakasin ang pagsasamang pang-ekonomiya, paliitin ang agwat sa antas ng pag- unlad ng mga bansang kasapi, at tiyakin na ang sistema ng multilateral na kalakalan ay manatiling patas at bukas, habang nagkakamit ng kakayahan sa pandaigdigang kompetisyon. Sa ganitong paraan, ang ASEAN ay makalilikha ng matatag, maunlad at may kakayahang makipagkompetensya ang ASEAN Economic Region kung saan may malayang daloy ng mga kalakal, serbisyo at pamumuhunan, mas malaya ang daloy ng kapital, pantay na pag- unlad ng ekonomiya at mabawasan ang kahirapan at socio- economic disparities. Tinitiyak na ang ASEAN ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa internasyonal upang maisulong ang mga karaniwang interes ng mga mamamayan. Hangarin ng ASEAN na mapaigting ang relasyon sa mga Dialogue Partners nito at iba pang mga organisasyong panrehiyon batay sa pantay na pakikipagsosyo at paggalang sa isa't isa. | |


| RUBRIK SA PAGMAMARKA NG PANGKATANG GAWAIN | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pamantayan | Deskripsyon | Pangkat 1 | Pangkat 2 | Pangkat 3 | Pangkat 4 |
| Nilalaman | Malawak at malalim ang naging pagkaunawa sa nilalaman ng aralin. May mga dagdag kaalamang ibinahagi bukod sa nasa teksto | | | | |
| Kaugnayan | Nakatuon ang ginawang aktibidad sa nilalaman ng Gawain. Halimbawa, kung poster ang ipinagagawa, poster ang makikita sa presentasyon at ang isinasaad ay tungkol sa aralin. | | | | |
| Pakikilahok | Lahat ng kasapi sa pangkat ay may ginampanan, may parte, o ambag sa presentasyon. | | | | |
| KABUUANG MARKA | | | | | |

## 2. Pinatnubayang Pagsasanay:

**Panuto:** Magtala ng 4 na tagumpay ng ASEAN, mula sa mga ipinakita ng bawat pangkat na sa iyong pagkaunawa ay tumutugon sa layunin ng SDG 16 na ito:




Mula sa: https://baguio.tracking-progress.org/about-the-un-sdgs/





| RUBRIK SA PAGMAMARKA NG TILED MATRIX | | | |
|---|---|---|---|
| Pamantayan | Deskripsyon | Puntos | Marka |
| Nilalaman | Malawak at malalim ang naging pagkaunawa sa nilalaman ng aralin. May mga dagdag kaalamang ibinahagi bukod sa nasa teksto | | |
| Kaugnayan | Nakapagtala ng4 na hinihinging SDG 16: Peace, Justice, and Strong Institutions sa Tiled Matrix | | |
| Kaangkupan ng mga salita | Ang mag- aaral ay gumamit ng mga salita (Keywords) sa pagtatala ng kasagutan. Walang "foul words" na sinabi. | | |
| KABUUANG MARKA | | | |

## 3. Paglalapat at Pag-uugnay

**Gawain 1: Gulong ng Pag-unlad**

**Panuto:** Sa mga tinalakay na programa ng ASEAN, itala sa gulong ang mga pag-unlad na naranasan ng Pilipinas sa panlipunan, pampulitika, at pangkabuhayan. Maghanda para sa presentasyon ng iyong gawain.




Pamprosesong Tanong:

1. Alin sa mga nabanggit na tagumpay ang masasabi mong bahagi ng tagumpay na naranasan ng Pilipinas? Bakit?
2. Masasabi bang natupad ng ASEAN 2020 Vision ng hangarin nito para sa Timog-Silangang Asya? Pangatwiranan ang iyong sagot.
3. Paano nakatulong ang ASEAN bilang nag-iisang organisasyon sa mga kasaping bansa ng Timog-Silangang Asya sa usaping panlipunan, pampulitika, at pangkabuhayan?

Maaaring gumamit ang guro ng Holistic/Analytic Rubric sa Pagmamarka ng Pangkatang Gawain.

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Kasalukuyang Pangyayari sa ASEAN at Pilipinas Panuto:** Basahin ang **Ulat ng Pangulo** tungkol sa mga pagbabagong naganap sa bansa bilang kasapi ng ASEAN.
https://pinoyperyodiko.manilatimes.net/2023/09/14/balita/tagumpay-ng-43rd-asean-summit-para-sa-pilipinas-iniulat-ni-pbbm/2398/

**ULAT NG PANGULO:**




Nakiisa si Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. sa closing ceremony ng 43rd ASEAN Summit and Related Summits sa Indonesia kung saan inilipat din sa Lao People's Democratic Republic ang Asean Chairmanship. Ang pagdalo ng Pangulo ay patunay sa kanyang layuning palakasin ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Aseam at sa mga partner nito para sa kooperasyon at seguridad sa rehiyon.

Sa nakaraang Summit, masayang iniulat Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na isang mabungang resulta ng kanyang pakikilahok sa 43rd Asean Summit at Related Summits sa Jakarta, Indonesia, kung saan isinulong niya ang interes ng bansa sa regional gathering. Sa isang press statement, sinabi ng Pangulo na lumahok siya sa 12 Leaders'-Level Meetings, kabilang ang Australia, Canada, China, India, Japan,

| | | |
|---|---|---|
| | Republic of Korea, United States, at United Nations.<br><br>"In these meetings, I promoted and highlighted key interests in Asean, such as food and energy security, migrant workers protection, climate change, and digital transformation, issues that are of strategic importance to the Philippines," ("Sa mga pagpupulong na ito, itinaguyod at itinampok ko ang mga pangunahing interes sa Asean, tulad ng seguridad sa pagkain at enerhiya, proteksyon ng mga migranteng manggagawa, pagbabago ng klima, at pagbabagong digital, mga isyung may estratehikong kahalagahan sa Pilipinas,") ayon sa Pangulo. Dagdag pa niya, "Fellow Asean Member States and some external partners highlighted the importance of a rules-based international order. They also maintain that Asean is a competitive and integrated regional economy, underpinned by the principle of Centrality." ("Binigyang diin ng mga kapwa Asean Member States at ilang mga panlabas na kasosyo ang kahalagahan ng isang internasyonal na kaayusan na nakabatay sa mga patakaran. Pinaninindigan din nila na ang Asean ay isang mapagkumpitensya at pinagsama-samang rehiyonal na ekonomiya, na pinagbabatayan ng prinsipyo ng Sentralidad.")<br><br>***ASEAN PLUS THREE SUMMIT***<br><br>Nakiisa rin ang Pangulo sa Asean Plus Three Summit kasama ang mga Asean Member States, China, Japan, at Republic of Korea, sa pagtalakay sa mga larangan ng pagtutulungan tulad ng food security, climate change, at digital economy, at iba pa. Sa East Asia Summit na dinaluhan ni Marcos, tinalakay ang malawak na isyung estratehiko, pampulitika at pang-ekonomiya na magkakaparehong interes at alalahanin. "We discussed regional and international issues, during which I emphasized the importance of a rules-based international order, especially in the disputes in the South China Sea, inasmuch as they affect not only our nation but also the entire region," ("Tinalakay namin ang mga isyu sa rehiyon at internasyonal, kung saan binigyang-diin ko ang kahalagahan ng isang nakabatay sa mga patakaran na internasyonal na kaayusan, lalo na sa mga pagtatalo sa South China Sea, dahil nakakaapekto ito hindi lamang sa ating bansa kundi pati na rin sa buong rehiyon," aniya. Dagdag pa niya, "I reaffirmed that the Philippines is committed to the peaceful resolution of disputes and called on all countries to continue upholding freedom of navigation and overflight in the South | |

| | | |
|---|---|---|
| | China Sea in accordance with international law, including the 1982 UNCLOS." ("Muli kong pinagtibay na ang Pilipinas ay nakatuon sa mapayapang paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan at nanawagan sa lahat ng mga bansa na patuloy na itaguyod ang kalayaan sa paglalayag at overflight sa South China Sea alinsunod sa internasyonal na batas, kabilang ang 1982 UNCLOS.") Tinalakay din ang iba pang makabuluhang panrehiyon at pandaigdigang isyu kabilang ang sitwasyon sa Myanmar, ang denuclearization ng Korean Peninsula, at ang tunggalian sa Ukraine. Sa sideline ng summit, nagsagawa ang Pangulo ng impormal na pakikipag-usap kay Japanese Prime Minister Fumio Kishida at US Vice President Kamala Harris sa pagpapalakas ng kooperasyon sa mga pangunahing larangan na may parehong interes. Nagkaroon din si Pangulong Marcos ng mga bilateral na pagpupulong sa mga pinuno ng Cambodia, Canada, Cook Islands, India, Republic of Korea, at Vietnam, gayundin sa Pangulo ng World Bank Group (WB) kung saan nagkaroon sila ng matatag at tapat na produktibong mga talakayan.<br><br>**Pag- Uusap Tungkol Sa Ekonomiya**<br><br>Sa usaping ng ekonomiya, iniulat ng Pangulo ang pagsaksi sa paglagda ng Philippines-Republic of Korea Free Trade Agreement (FTA), na nagpapakita ng iisang pangako ng dalawang bansa sa kanilang parehong paglago at pag-unlad.<br><br>"The FTA will strengthen our bilateral trade and investment relations with the Republic of Korea, especially as it generates jobs and contributes to the Philippines' value proposition as an ideal regional hub for smart and sustainable investments," ("Patitibayin ng FTA ang ating bilateral na relasyon sa kalakalan at pamumuhunan sa Republika ng Korea, lalo na kung ito ay bumubuo ng mga trabaho at nag-aambag sa value proposition ng Pilipinas bilang isang perpektong rehiyonal na hub para sa matalino at napapanatiling pamumuhunan,") sabi niya. Sa sideline din ng Summit, nakipagpulong si Marcos sa mga nangungunang executive ng mga piling kompanya ng Indonesia na gustong palawakin ang kanilang presensya sa Pilipinas, at sinabing uuwi siya na may dalang $22 milyong investment commitments sa mga lugar na mahalaga para sa mga pagsisikap sa pagbawi ng ekonomiya tulad ng agrikultura at digital na ekonomiya. Masaya ding ibinalita ng Pangulo na ang Pilipinas ang host ng Asean 2026 sa halip na 2027. | **Gagawin sa Ikatlong Araw:** Pagbabasa ng ulat ng Pangulo sa nakaraang ASEAN Summit. |

| | | |
|---|---|---|
| | **1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Gawain: Tunghayan ang *Continuous Block Process Chart.***<br>**Panuto:** Itala sa kahon ang mga tagumpay na nararanasan ng Pilipinas bilang kasapi ng ASEAN mula sa Ulat ng Pangulo sa kanyang pagdalo sa ASEAN Summit. Maghanda para sa isang **Malayang Talakayan.**<br><br>**Pamprosesong Tanong**<br>1. Batay sa iyong mga naitala, at sa sagot na ibinahagi ng iyong kamag- aral, tunay bang nararamdaman natin sa kasalukuyan ang mga pagbabagong dulot ng pag-unlad ng Pilipinas bilang kasapi ng ASEAN? Magbanggit ng mga patunay sa iyong sagot.<br>2. Sa mga tagumpay na ito, alin sa mga ito ang nararanasan mong nagaganap sa inyong pamilya? Pangatwiranan ang iyong sagot. (Kontekstuwalisasyon/Lokalisasyon) | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain 1: Lagyan ng Level 'Yan!**<br>Panuto: Batay sa "ULAT NG PANGULO" anong lebel na ng pag- unlad at tagumpay ang marating ng Pilipinas bilang kasapi ng ASEAN? Magtala ng isang patunay sa iyong sagot.<br> | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Mula sa:** https://stock.adobe.com/images/sketch-of-career-ladder-with-climbing-little-people-doodle- cute-miniature-of-stairs-with-leader-on-the-top-hand-drawn-cartoon-vec illustration-for- business-design/107561529<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto Gawain 1: Hello, Love, Goodbye**<br>**Panuto:** Suriin ang mga tagumpay ng Pilipinas bilang kasapi ng ASEAN. Kung pipili ka ng nais mong higit na isagawa bilang mamamayan, alin rito ang ihi- HELLO mo. Alin naman ang pinakanagustuhan mo na ila- LOVE mo at alin ang sa tingin mo ay hindi Mabuti para sa Pilipinas na igo- GOODBYE mo?<br><br><br>**Mula sa:** https://www.dreamstime.com/stock-image-d-man-thinking-red-question-marks-over- white-background-image3 | Maaaring gumamit ang guro ng estratehiyang napapanahon tulad ng movie title at iba pang makapupukaw sa atensyon ng mga mag-aaral. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Tukuyin kung ang sumusunod na pahayag ay TAMA o MALI. Bilugan ang iyong sagot sa tapat ng bawat bilang. | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. Tama<br>2. Mali- ASEAN, hindi United Nations<br>3. Mali- Nukleyar, hindi militar<br>4. Tama<br>5. Tama<br>6. Tama<br>7. Mali- napag- usapan<br>8. Tama<br>9. Tama<br>10. Mali- dahil naitampok |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | Tama | Mali | Ang Declaration on the Zone of Peace, Freedom, and Neutrality (ZOPFAN) ay binuo upang matiyak ang kapayapaan, kalayaan ang Timog Silangang Asya at malayo sa anumang panganib na dulot ng hindi pagkakaunawaang politikal ng mga bansang kasapi. |
| 2 | Tama | Mali | Declaration of ASEAN Concord Isulong ang kapayapaan, pagsulong at pag- unlad, at ang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | kabutihan ng mga mamamayan ng mga bansang kasapi ng United Nations. |
| 3 | Tama | Mali | Southeast Asian Nuclear-Weapon-Free Zone Treaty (SEANWFZ) Isulong ang Non- Proliferation of Nuclear Weapons (NPT) sa pagpigil sa paglaganap ng mga sandatang katihan at militar at sa pag- ambag tungo sa pambansang kapayapaan. |
| 4 | Tama | Mali | Layunin ng ASEAN Vision 2020 na tiyakin na ang sistema ng multilateral na kalakalan ay manatiling patas at bukas, habang nagkakamit ng kakayahan sa pandaigdigang kompetisyon. |
| 5 | Tama | Mali | Ang Declaration of ASEAN Concord ay ginanap sa Bali, Indonesia noong Pebrero 24, 1976 sa pangunguna ng mga pinuno ng mga bansang kasapi ng ASEAN. |
| 6 | Tama | Mali | Ang tratadong Southeast Asian Nuclear-Weapon- Free Zone Treaty (SEANWFZ) kilala rin bilang Kasunduan sa Bangkok. |
| 7 | Tama | Mali | Hindi pinag- usapan sa Bali Concord II (2003) ang pamayanang ASEAN na nakabatay sa pag- unlad sa larangan ng pampolitika, pangkaligtasan, pangkabuhayan, at sosyo- kultural. |
| 8 | Tama | Mali | Positibo ang ASEAN na ang ASEAN Vision 2020 ay makatutulong sa paglikha ng matatag, maunlad at may kakayahang makipagkompetensyang bansa sa ASEAN Economic Region dahil sa malayang daloy ng mga kalakal, serbisyo at pamumuhunan. |
| 9 | Tama | Mali | Sinabi ni Pangulong Marcos sa kanyang ulat ang tungkol sa 1982 UNCLOS na "muling pinagtibay na ang Pilipinas ay nakatuon sa mapayapang paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan at nanawagan sa lahat ng mga bansa na patuloy na itaguyod ang kalayaan sa paglalayag at overflight sa |
| 10 | Tama | Mali | Walang naitampok na pangunahing interes ng Pilipinas sa ASEAN tulad ng seguridad sa pagkain at enerhiya, proteksyon ng mga migranteng manggagawa, pagbabago ng klima, at pagbabagong digital. |

ni PBBM na pangunahing interes ng Pilipinas sa ASEAN tulad ng seguridad sa pagkain at enerhiya, proteksyon ng mga migranteng manggagawa, pagbabago ng klima, at pagbabagong digital

| B. Pagbuo ng Anotasyon | Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at iba pang Usapin | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga |
|---|---|---|---|---|

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>sumusunod na bahagi.</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Estratihiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br><br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>